
# Pagpasok sa nursery school o kindergarten



**Mahirap na at baka mahuli kayo! Magkonsulta na kaagad kung nais ipasok ang inyong anak sa sa nursery school o sa kindergarten.**

Para sa mga maliliit na batang hindi pa pumapasok sa elementary (edad 0 ~ 5 taong gulang) may mga daycare centers (nursery schools), kindergartens, mga sertipikadong eskuwelahan para kanilang pangangalaga o edukasyon. Hindi kaagad-agad basta makakapasok sa mga pasilidad na mga ito. Ang proseso ng pag-apply hanggang makapasok ay aabutin ng mahigit 6 na buwan.

★ **Depende sa syudad o sa pasilidad ang oras ng pagpapa-alaga, kurikulum, babayaran at iba pa ay hindi pare-parehas.**

*Kung may alinlangan kayo o hindi ninyo malaman kung saang nursery school/kindergarten ang mas naayon sa inyo, magsadya lamang at magkonsulta sa inyong munisipyo sa lalong madaling panahon. Kung nahihirapan kayo sa Nihongo, magpasama sa isang tagasalin o sinuman na nakakaintindi ng Nihongo.Sa FICEC ay tumatanggap din mga konsultasyon.

### ■■■Pasilidad para sa pagpa-alaga ng mga bata

Ang pasilidad para sa pagpa-alaga ng mga bata (edad 0 ~ 5 taong gulang) ay magagamit ng mga magulang na hindi maalagaan ang kanilang anak dahil sila ay may trabaho sa araw o kaya sila ay may sakit. Ang pagpa-alaga ay hanggang 8~11 oras. (Depende sa sitwasyon ng pamilya) at depende din sa pasilidad ay maaring ipaalaga sa mas mahabang oras.

Ang mga pasilidad na paalagaan ng mga bata ay daycare centers (nursery schools), sertipikadong institusyon para sa mga bata (nagsisilbing nursery school at kindergarten) at pasilidad para sa pag-aalaga ng limitadong bilang ng mga bata na hanggang 3 taon gulang ang edad.

**[Proseso ng pag-apply]**

・Mag-apply sa City hall.
・Kung nais ipasok ang anak sa Abril, maaring mag-apply mga bandang buwan ng Nobyiembre.
・Tumatanggap din ng aplikasyon hanggang ika-10 ng bawat buwan. (Depende sa munisipyo)
・Kung mahigit na ang bilang ng nag-aaply para sa takdang bilang ng tatanggaping bata o puno na ang slots, hindi kayo kaagad makakapasok.

**[Bayad sa pagpa-alaga]**

・Para sa mga batang may edad 0~ 2 taong gulang, ang babayaran ay depende sa resident tax na binabayaran ng sambahayan. Ibinabase din sa edad at bilang ng magkakapatid na gumagamit ng serbisyo ng pasilidad.
・Para sa mga batang may edad 3 ~ 5 taong gulang ay wala silang babayaran.
・Gayunpaman, ang school lunch, gastusin sa mga ebento, mga gamit sa pag-aaral at iba pa ay may bayad.

### ■■■Kindergarten (Pasilidad para sa edukasyon ng mga bata)

Ang kindergarten ay isang pasilidad kung saan ang mga bata (3-5 taong gulang) ay natututo ng iba't ibang mga bagay sa paglalaro. Sinuman ay maaring mag-enrol. Ang oras ng paggamit ay 9:00 ~14:00. Depende sa pasilidad ay may pagpa-alaga sa umaga (mas maaga kesa regular na oras) o mas mahabang oras sa hapon. May mahabang bakasyon sa tag-init at gayundin sa tag-lamig.

**[Proseso ng pag-apply]**

・Mag-apply: sa kindergarten na gustong pasukan
・Maaring bumisita at tingnan ang loob ng kindergarten bandang Hunyo, pagbibigay ng pagpapaliwanag sa Setyembre, aplikasyon sa pagpasok sa Oktubre (depende sa kindergarten)

**[Bayad sa pagpa-alaga]**


・Libre (hanggang ¥25,700 na babayarin ay libre)
・Gayunpaman ay may babayaran para sa pagpasok, sa mga gamit, sa uniform, school lunch, mga aktibidad, gamit sa pag-aaral, bus (kung gagamit ang bata) at iba pa.



フィリピン語

**Konsultasyon sa pamumuhay**

Ang FICEC ay tumatanggap ng onsultasyon sa pamumuhay - unes~Biernes,10:00~16:00.



**Sa aming bansa, ang nagpapa-anak sa buntis ay kamag-anak na tiyahin. May 8 buwan na akong buntis kaya lang hindi ako makakauwi sa aming bansa dahilan sa covid-19. Ano ang nararapat kong gawin?**

① Pumunta ka na kaagad sa ospital para magpa-checkup. May ibang ospital na hindi na tumatanggap pag ika-8 buwan na ang pagbubuntis. Makiusap ka na lang para sa iyong health checkup. Kung wala kang health insurance, pumunta ka muna sa city hall at mag-apply para dito.
②Kumuha ka din ng handbook para sa ina at sanggol (boshi-techou) sa city hall o sa health center. Ang Boshi-techou ay isang sistema sa Japan para sa mga buntis at mga sanggol kung saan ay makakakuha ng health checkup coupons at libreng mga pagbabakuna ng bata. Mayroon ding boshi-techo na nakasalin sa iba't ibang wika. *Ang staff sa ospital ay mga Hapon. Makakatulong sa inyong sarili kung sa maagang panahon ay mag-aral ng Nihongo.

**Mahal ang upa ng mga tirahan. Mayroon bang murang mauupahang tirahan?**

May prefectural housing para sa mga nahihirapan sa paghanap ng tirahan dahil sa mababa ang kanilang kita. Sa isang taon ay 3 ~ 4 beses na tumatanggap ng aplikasyon. Magsadya lamang sa city hall para kumuha ng porma para sa aplikasyon.

## Bukas na muli ang FICEC



Dahil sa paglaganap ng covid-19 ay itinigil ang ibang gawain ng FICEC. Pero sa Hunyo ay binuksan nang muli ang Nihongo Class at Children's Club. May ilang bagay na paki-usap lamang kagaya ng pag- gamit ng mask, disinfectant sa kamay, pagsukat ng temperatura, at limitadong bilang ng tao sa upisina at iba pa. Para sa detalye, tingnan sa website ng FICEC o sa Facebook.

## Maraming salamat

Pagpapakilala sa mga tagasalin sa iba't ibang wika at sa illustrator ng cover design ng "Information Fujimino".
Sa ibaba ay ang kanilang mensahe.



Anazawa Emelyn S.
Mabuhay! Kasama ng iba pang mga dayuhang residente ako ay nagagalak at taos pusong nagpapasalamat sa FICEC. Mahigit ng 2 dekada
ang kanilang pagbibigay gabay at suporta sa ting mga dayuhan. Magkaiba man ang ating mga kultura ay bukas-loob ang kanilang pagsubaybay upang makapamuhay tayo na kasintulad ng mga Hapon. Dahil sa kanilang malugod na pagtanggap ay nagkaroon tayo ng paniniwala sa ating sarili at nararamdam natin na tayo ay kaisa sa komunidad na ating



Si Mr. Hitoshi Iwata, isa sa mga aktibong supporters ng FICEC, lalo na ng Nihongo Class at ng Information Fujimino newsletter mula pa noong 1997, ay pumanaw na noong May 8. Sya ay 82 taong gulang.
Malimit nyang banggitin na ang mga dayuhan ay kasintulad ng mga consumers sa dahilang para sa kanila ang pag-aaral ng Nihongo sa mas madaling panahon ay kailangan upang makapamuhay dito sa bansa kung kaya't ang mga Nihongo Class sa mga komunidad ay malaking tulong para sa kanila. Gayundin sa pamamagitan ng Information Fujimino ay nagkakaroon sila ng gabay sa kanilang pamumuhay at dala nito ay ang pagiging malapit ng mga dayuhan sa FICEC. Nakakalungkot na hindi na natin sya kasama, pero ang kanyang alaala ay nanatili sa ating isipan. Isinulat ni